



Sofibats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mefimet Adil al-Hakkani

BISITAHIN MO ANG KAIBIGAN NG ALLAH(AWLIYA ALLAH)

Assalamu Alaykum Wa Rahmatullah

Au-dhubillahiminash shatanir rajim Bismillahirrahmanir rahim

*Was Salatu was salamu ala rasulina Muhammadin Sayyidil Awwalina wal Akhirin
Madad Ya Rasulullah, Madad Ya Ashabi Rasululillah, Madad Ya Mashaykhina,
Madad Ya Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Muhammad Nazim Haqqani, dastur*

Tariqatuna sohba wal khayru fil jama'ah

Alhamdulillah tayo ay pumunta at nakabalik, tayo'y bumisita. Ang Maqam ni Shaykh Mawlana ay puno ng tao mula sa iba't ibang panig ng mundo. Ang tulong ng mga Awliya ay andun. Ang kanilang mga libingan ay hardin ng paraiso. Tinatawag nila kung sino ang kanilang nanaisin at ang mga karamah ay nangyayari.

Karamihan sa mga tao ay di tinatanggap ang mga Awliya at di sila binibisita. Subalit ang pagbisita ng libingan ng magulang utos din ng Propeta Muhammad alayhis salatu was salam. Ang pagbisita sa mga Awliya, Propeta, Sahaba ng propeta Muhammad alayhis salatu was salam ay nakakalakas ng Iman. Paano nga ba ang buhay ng mga taong ito. Sila ay nagbigay ng lahat ng kanilang makakaya para sa Allah. Hindi sila nagreklamo kahit na sila'y pinapahirapan.

Bakit nga ba di sila nagreklamo? Iyon ay dahil sa alam nila ang kanilang ginagawa. Alam nila kung anong napagakagandang daan ang kanilang sinusundan. Ang mga problema at kahirapan sa mundo at pasakit ay di naging dahilan ng kanilang pagreklamo. Kanilang sinundan ang utos ng Allah dahil kanilang alam at sila ay naging halimbawa para sa ibang tao.

Ang isang reklamo ay magbibigay bunga sa isa pang reklamo at ang iyong oras ay mapupunta sa wala. Masasabi mo lang na "Sana ginawa ko to" or "Sana ginawa ko iyon". Wala ng saysay ang iyong mga salita. Kung nanaisin ng Allah ang isang bagay ay kailangan natin ito tanggapin. Ang mga banal na kaibigan ng Allah ay namuhay sa loob ng pagpapasalamat sa Allah. Sila ay ating mga halimbawa. Naging solusyon din sila sa mga taong dumating pagkatapos ng kanilang oras.

Katunayan ay may mga magagandang biyaya ang pagbisita sa mga kaibigan ng Allah. Paminsan ang isang tao ay nagkakaroon ng sobrang kalungkutan at minsan ito ay naaalis sa pag-inom ng gamot.



Sohbats by
Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani

Kung ikaw ay nalulungkot bumisita ka sa pitong kaibigan ng Allah(awliya). Kanilang aalisin ang iyong kalungkutan sabi ni Shaykh Mawlana Nazim(qs)

Pasalamatan mo ang Allah, may mga banal na tao sa kapaligiran. May mga banal na tao sa bansang ito at sa ibang bansa, kahit sa mga bansang puno ng walang pananampalataya sa Allah. Ito ay dahil ang mga Muslims ay pumunta sa iba'tt ibang lugar at naging martyr dun. O ang mga lugar na iyon ay dating bansang sumusunod sa relihiyong Islam at nung umalis ang mga muslim, ang mga banal na tao(awliya) ang nagpaiwan dun. Kahit ang mga hindi muslim ay nakikita din ang liwanag at lakas ng mga kaibigan ng Allah kaya kanila din silang binibisita.

Ito ay isang napakalaking biyaya sa mga Muslim. Kaya ang pagbisita sa kanila ay makakabuti sa atin. Palakasin nawa ng Allah ang lakas at kabanalan ng mga Awliya Allah. Sana'y tayo bigyan ng diyos ng biyaya na bisitahin sila lagi. Kanilang lakas ay mapasaatin sana at sana'y kanilang mga istasyon ay mas tumaas pa.

Wa Minallah at-Tawfeeq.

Al-Fatiha.

Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil

7 February 2016/28 Rabiul Akhir 1437

Sabah Namaz, Akbaba Dargah

1. Qudrat